（TAGALOG/タガログ語版）　　Ｎｏ．51

KIAN KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

KAMUSTA KAWASAKI


NO. 151

# Lunch time concert

Ipinagdiriwang ang anibersaryo ng Asao ward every after a month sa pamamagitan ng pagtatanghal ng lunch time concert subalit ngayong taon ay tatlong magkakasunod na buwan (Hunyo, Hulyo at Agosto) ito tatanghalin at itinuring na kaugalian tuwing pananghalian. Sa buwan ng Agosto ay gaganapin ito mula ika-23 hanggang 27 (5 araw). Ang lugar ay matatagpuan sa Asao ward office 2F, mula 12:15 hanggang 12:45 ng tanghali. Sa ika-23, mapapanood ang Japanese Traditional Music, 24 ay Piano, 25 ay Piano Play and Talk at Viola, 26 ay Jazz Piano・Bass, 27 ay Piano Solo at Duo. Ito ay bukas para sa lahat at walang bayad.

# Family concert

Ang [Summer Vacation Family concert Pandora's Box of Music] ay gaganapin sa ika-27 ng Agosto (Biyernes) 12:10 hanggang 1:00 ng tanghali sa Nakahara ward office 5F conference room. Mapapanood ang Belcanto Chamber Orchestra play nina Haydn at Mozart kung saan ang Piyano ay tatanghalin ni Kawashima Amari habang konduktor si Antonin Kuhnel . Siya ay nagwagi ng $2^{nd}$ place sa International Conductors' Contest ng Olomouc, Czecoslovakia noong 1970. Hanggang sa .kasalukuyan ay imbitado siyang mag-conduct sa iba't-ibang lugar ng Japan tulad ng Japan Phil, New Japan Phil, Kanagawa Phil at iba pa. Ang konsyertong ito ay mapapanood ng walang bayad at makakapasok sa oras ng 11:45 ng umaga.



# Kawasaki City Representative Assembly for Foreign Residents

No.152

Ngayong linggo naman ay nais ipagbigay-alam ng Kawasaki City ang pagtitipon ng Kawasaki City Representative Assembly for Foreign Residents. Ang Assembly ay binubuo ng mga piling dayuhan na may iisang layunin para sa pagpapabuti ng administrasyon at katulong sa pagpapatakbo ng maayos na komyunidad. Ang pagtitipon ay ginagapap ng apat na beses sa isang taon, (tigalawang araw)bale (8beses ) kung saan isinasagawa ang imbestigasyon,,iniipon ang mga resulta at ipinagbibigay -alam sa Mayor upang talakayin ito at ipahayag sa lahat..Narito ang kabuuan ng mga tinalakay sa Assembly:

1　Pagplano ng environmental maintenance para sa mga guro at mag-aaral ng elementarya at hayskul upang mapalalim ang kaalaman ng mga ito at makilala ang kaibahan ng bawat kultura.

2　Tulungang mapalalim ang pagka-intindi ng mga daayuhang magulang ukol sa Edukasyon ng bansang Hapon at suportahan ang mga itong maging independent.

3　Upang makasali sa sistema ng pamahalaan bilang tagapag-buo ng distrito /komyunidad. Ang Kawasaki City ay gagawa ng sistemang pwedeng mag-boto ang mga dayuhan.

4　Paglalaan ng maayos na pabahay para sa mga dayuhan, kung saan ang maninirahan ay magkakaroon ng tahimik at maayos na paninirahan, maghanda ng pampublikong pabahay kung saan madaling makapangupa.

5　Pagpapairal ng pagbabago ng sistema ng bansa tungkol sa panandaliang pagtanggap ng pension. (Momentarily withdrawal of Pension)

Nakasulat sa mga nabanggit na item sa itaas ang kani-kanilang paliwanag , background at dahilan. Ang susunod na pagtitipon ng Kawasaki City Representative Assembly for Foreign Residents ay gaganapin sa ika-12ng Septyembre(Linggo)mula Alas dos (2:00) hanggang 5:00 ng hapon sa Kawasaki International Center. Ang pagtitipon ay bukas para sa lahat na nais makinig at dumalo.



No.153

## Youth Science Museum



Ngayong Linggo naman ay nais ipagbigay-alam ang isa sa mga events na gaganapin sa Youth Science Museum sa Tama ward. Una sa lahat ay mula sa Ikuta Ryokuchi Observatory group. Ang Ikuta Ryokuchi ay isang small woods kung saan ay pinapabayaang lumago ng natural ang mga halaman at kasama rito ang iba ' t-ibang uri ng hayop.

Ang small woods na ito ay inoobserbahan din ng Kawasaki Natural Research group. Bukas ito tuwing Linggo ng 10:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali. Mula sa piling tema, ang Ikuta Ryokuchi ay nagbibigay ng Nature guide. Kapag ang tema ay tungkol sa wild birds, ipinagpapaliban ito kapag umambon.Sa mga nais sumali nito, magsadya at magtipon sa harap ng Youth Science Museum ng 9:50 ng umaga. Ang tema sa ika-5 ng Septyembre ay Halaman, ika-12 ay insekto.　Kasunod dito ang paalala tungkol sa [Panonood ng mga Tala] Mag-uumpisa ito sa pagpapaliwanag tungkol sa mga bituing makikita sa gabing ito sa Planetarium.(30 minuto) Kasunod nito ay panonood ang nakatalagang talang maaaring makita sa Telescope sa Astronomical observation room o sa rooftop ng building. Ito ay ginaganap ng dalawang beses sa isang buwan (sabado). Sa ika-11 ng Septyembre ay M13・M57　atbp. (M=Missier Charles)　Sa ika-25 ng Septyembre ay Buwan・　Aliberio (hakuchoza) atbp. Isa ' t kalahating oras ito mula 6:00 hanggang 7:30 ng gabi. Ang oras ng pagsisimula ay depende sa buwan, sa Septyembre, mag-uumpisa ito ng 6:00, sa Oktubre naman ay 5:30 mag-uumpisa. Ito ay walang bayad at malayang magsadya sa nasabing lugar. Kapag ma-ulap o di kaya ' y umulan sa araw na ito, magtatapos ang programa sa pakikinig ng mga paliwanag sa loob ng 30 minutos sa Planetarium lamang. Kinakailangang samahan ng mga magulang ng mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya.

Ang Kawasaki City Youth Science Museum ay mararating sa pamamagitan ng pagbaba sa istasyon ng Mukogaoka yu-en ng Odakyu line at lalakarin ng 15 minutos.　Para sa iba pang impormasyon tumawag sa Youth Science Museum TEL:922-4731.

Issued by The Kawasaki International Association
237-1 Kizuki Gion Cho,Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033　Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010　E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/